HARBOR REGIONAL CENTER

## Ang ABLE Act at ang CalABLE: *Nagkakaloob sa mga Taong may Kapansanan ng Mas Malaking Pinansyal na Seguridad*

**Ang Pagtamasa ng Mas Mabuting Karanasan sa Buhay sa California (California Achieving a Better Life Experience, CalABLE)** ay isang programang nagpapahintulot sa mga taong may kapansanan na magtakda ng may kapakinabangan sa buwis na **ABLE account** na nagpapahintulot sa kanilang makaipon ng hanggang $100,000 nang hindi nawawalan ng mga pampublikong benepisyong tulad ng SSI, SSDI at Medi-Cal. Hindi sumasailalim ang mga kita sa mga account na ito sa pederal na buwis sa kita o buwis sa kita ng estado ng California, hangga't ang mga kita ay ginagasta sa mga Kuwalipikadong Gastos para sa Kapansanan. Bago ang pederal na **ABLE Act**, ang isang indibidwal na tumatanggap ng mga benepisyo mula sa pampublikong programa ay hindi makapag-ipon ng mahigit sa $2,000 nang hindi isinususpindi ang kanilang mga benepisyo.

**<u>Kasaysayan</u>**

- Noong 2014, nilagdaan ni Pangulong Obama ang **Batas sa Pagtamasa ng Mas Mabuting Karanasan sa Buhay** na nakapangalan kay Stephen Beck, Jr. (IRC Seksyon 529A).
- Noong 2015, nilikha ng Lehislatura ng Estado ng California ang **Pagtamasa ng Mas Mabuting Karanasan sa Buhay sa California (CalABLE)** upang maipatupad ang programang ABLE sa California.

**<u>Mga Kinakailangan para sa Pagiging Karapat-dapat</u>**

Upang maging karapat-dapat sa pagtatag ng isang **ABLE o <u>CalABLE</u>** account, kailangang magkaroon ang indibidwal ng kapansanan na nagsimula bago mag-edad na 26, bagaman ang <u>Batas sa Pag-aayos ng Edad sa ABLE</u>, na nilagdaan kamakailan upang maging batas ay binabago ito sa edad na 46, epektibo sa Enero 1, 2026. Bukod dito, kailangang matugunan ng indibidwal ang hindi bababa sa isa sa mga sumusunod na mga pamantayan:

- Maging nararapat sa Karagdagang Kitang Panseguridad (SSI) o Segurong Panseguridad na Panlipunan para sa may Kapansanan (SSDI) dahil sa kanilang kapansanan; o
- Makapagbigay ng "Sariling Sertipikasyon" ng kanilang kapansanan at dyagnosis. Ito ay nangangahulugang ang indibidwal ay mayroong nakasulat at nilagdaang dyagnosis mula sa isang lisensyadong doktor na makukuha kapag hiniling.

**<u>Mga Kontribusyon sa Account</u>**

Kasalukuyang limitado sa <u>$17,000</u> kada taon ang mga kontribusyon sa account, at maaaring gawin ng pamilya, mga kaibigan, o niya mismo na siyang benepisyaryo. Ang mga kita sa account ay pinahihintulutang maipon nang hindi pinapatawan ng buwis, at hindi rin binubuwisan ang mga pag-withdraw, sa kondisyong ginagamit ang mga ito sa mga kuwalipikadong gastos para sa kapansanan.

Kabilang sa mga sumusunod ang mga update kamakailan na nakakaapekto sa mga kontribusyon sa account:

<u>Batas na ABLE patungo sa Pagtatrabaho:</u> Ang mga may-ari ng ABLE account na nagtatrabaho ay maaaring maging karapat-dapat na mag-ambag ng mahigit sa $17,000 na taunang limit sa kontribusyon, hanggang sa karagdagang $13,590 depende sa kanilang kita bago makaltasan ng buwis. Ang mga karagdagang pinahihintulutang kontribusyong ito ay magiging limitado sa mga ginawa ng may-ari ng account.

<u>Batas sa Pinansyal na Pagpaplano para sa ABLE:</u> Ang mga pondo sa 529 na savings account na pangkolehiyo ay maaaring ilipat sa ABLE account nang hindi nakakalikom ng anumang buwis o multa, maliban kung pareho ang benepisyaryo sa parehong account. Ang anumang mga nailipat na pondo ay sumasailalim pa rin sa taunang limit sa kontribusyon ng ABLE.

Kredito ng Nag-iipon: Ang mga may-ari ng ABLE account na nag-aambag ng sarili nilang kita sa kanilang ABLE account ay maaaring maging karapat-dapat na makinabang sa Kredito ng Buwis para sa mga Kontribusyong Ipon para sa Pagreretiro o "Kredito ng Nag-iipon." Makukuha ang karagdagang impormasyon tungkol sa Kredito ng Nag-iipon, kabilang ang mga kinakailangan para sa pagiging karapat-dapat, sa web site ng IRS.

**Mga Kuwalipikadong Gastos para sa Kapansanan**

Itinituring na "kuwalipikado" ang gastos kapag nauugnay ito sa kapansanan ng indibidwal at nakakatulong ito sa kanyang mapanatili o mapabuti ang kanyang kalusugan, kalayaan, o kalidad ng buhay. Hindi nililimitahan ang mga medikal na gastos ang mga Kuwalipikadong Gastos para sa Kapansanan. Maaaring kabilang sa mga ito ang mga pangunahing gastusin sa pamumuhay tulad ng mga gastos para sa edukasyon, pabahay, transportasyon, suporta sa trabaho, kalusugan, pagpapabuti ng tirahan at mga serbisyo sa pagpapalibing.

**Mga Tampok sa CalABLE Account**

Napagpasyahan ng Lupon ng CalABLE ang mga tampok at benepisyo sa account ng California, kabilang ang:

- Kakayahang awtomatikong mag-ambag sa pamamagitan ng mga rutinang pagbawas mula sa account sa bangko;
- Pagdeposito online o sa pamamagitan ng tseke, kabilang ang mga kontribusyon mula sa mga miyembro ng pamilya at/o mga kaibigan;
- Paggamit ng pauna nang binayarang debit card; at
- Mga kompetitibong singil at iba't ibang opsyon sa pamumuhunan.

Pumunta sa **CalABLE.ca.gov** para sa impormasyon tungkol sa kung paano **magbukas ng account** at **mga opsyon/singil sa pamumuhunan**.

Nakabalangkas sa batas na nilagdaan ng Gobernador ang sumusunod na mahahalagang elemento:

- Hindi sasailalim ang CalABLE account ng residente ng California sa pagbawi ng Medi-Cal (SB 218).
- Magiging isang pambansang programa ang CalABLE, na magpapahintulot ng pakikibahagi ng mga residenteng hindi taga-California (AB 384).
- May eksemsyon ang mga CalABLE account sa pagpapatupad ng mga pagpapasya ng hukuman sa pera (AB 688).

**Pagtamasa ng Mas Mabuting Karanasan sa Buhay sa California (CalABLE) para sa mga Taong may Kapansanan**



Nakipagtulungan ang CalABLE sa Pambansang Instituto para sa Kapansanan (National Disability Institute) upang likhahin ang **AchievABLE Corner**, isang sanggunian para sa mga indibidwal/pamilya; pumunta sa **nationaldisabilityinstitute.org/achievable-corner**.

**Mga Programang ABLE sa Buong U.S.**

May mga partikular na programang ABLE na nagpapahintulot sa mga residenteng tagalabas ng estado na makapagbukas ng ABLE account. Upang matutunan ang tungkol sa mga programang ABLE sa ibang estado, maaari mong gamitin ang tool na ito para maghambing: **ablenrc.org/compare-states**.

Pebrero 2023